**FILIPINO 5**

**Eid-ul-Fitr**

Islam ang relihiyon ng mga Muslim. Hango sa mga salitang "pagsuko sa Diyos" ang Islam. Itinuturing nila na sumuko sila sa kapangyarihan ng Diyos. Si Allah ang kinikilala nilang panginoon. Ang banal na aklat ng Koran ang gabay nila sa pamumuhay. Ginugunita nila sa Koran ang rebelasyon kay Mohammed na isang propeta ng Islam. Isang pagdiriwang ng mga Muslim ang Eid-ul-Fitr na isang uri ng pagpapahayag ng pasasalamat. Ang Eid ay isang salitang Arabo na nangangahulugang pagdiriwang samantalang ang Fitr naman ay may pakahulugang wakas ng pag-aayuno. Kaya't ang Eid-ul-Fitr ang tanda ng wakas ng halos isang buwang pag-aayuno nila sa panahon ng Ramadan. Nagsisimula ang Eid-ul-Fitr sa paggising sa mga Muslim gamit ang malalakas na tambol. Nagbibihis sila ng magagarang kasuotan. Nagsusuot ng mahabang belo sa mukha ang mga babaeng Muslim. Tinutungo nila ang mosque upang doon manalangin. Habang nagdarasal ay sinasambit nila ang "Allahu Akbar" na may kahulugang "Dakila si Allah". Sa pagdiriwang na ito ay samasama ang mga Muslim sa buong mundo na tunguhin ang pagkaka-isa.

**Basahin at unawain ang mga tanong at piliin ang tamang sagot.**

1. Ano ang Eid-ul-Fitr? Ang Eid-ul-Fitr ay isang uri ng pagdiriwang ng ____________________________.
a. pagsuko ng mga Muslim
b. pag-aayuno ng mga Muslim
c. pagsasalamat ng mga Muslim
d. pagkakapatiran ng mga Muslim

2. Alin sa sumusunod ang nasasaad sa seleksyon?
a. Masayang idinaraos ang Ramadan.
b. Unang nagaganap ang Eid-ul-Fitr sa Ramadan.
c. Tanda ng wakas ng pag-aayuno ang Ramadan.
d. Masayang pagdiriwang ang Eid-ul-Fitr para sa Muslim.

3. Alin sa sumusunod ang hindi kahulugan ng hango sa pangungusap sa kahon? Hango sa mga salitang "pagsuko sa Diyos" ang Islam.
a. hiniram
b. nagmula
c. nag-ugat
d. nanggaling

4. Ano ang ibig sabihin ng "tunguhin" sa sa pangungusap sa kahon? Sa pagdiriwang na ito ay samasama ang mga Muslim sa buong mundo na tunguhin ang pagkaka-isa
a. alamin
b. isaisip
c. puntahan
d. panalangin

LIVEWORKSHEETS

5. Bakit kaya mahalaga ang pagdiriwang ng Eid-ul-Fitr at Ramadan para sa mga Muslim? Mahalaga ang mga ito para sa mga Muslim dahil ito ay ____________________________.
a. ginagawa sa mosque
b. paggunita ng rebelasyon ng Koran
c. masayang pagdiriwang para sa kanila
d. kaugalian at tradisyon ng mga tagasunod ng Islam

6. Ano ang pangunaking ideya na tinalakay sa seleksyong binasa? Tinalakay sa seleksyon ang ________________________________.
a. kahulugan ng Islam
b. pinagmulan ng mga Muslim
c. mga paniniwala ng mga Muslim
d. pinanggalingan ng paniniwala ng Islam

7. Ano ang ginamit ng may-akda ng seleksyon upang ipaabot ang mensahe nito?
a. Nagbigay ito ng maraming halimbawa.
b. Nakasaad dito ang sanhi at bunga ng paksa.
c. Tinalakay nito ang suliranin at solusyon sa seleksyon.
d. Malinaw ang pagkapaliwanag at paglalarawan ng paksa.

LIVEWORKSHEETS